

**RESOLUTION AND MINUTES OF THE 3RD
PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE
WILDLIFE SANCTUARY (MWS) CY 2022**



September 23, 2022

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
DENR, MIMAROPA Region

THRU : The OIC ARD for Technical Services

FROM : The OIC PENR Officer

SUBJECT : RESOLUTIONS AND MINUTES OF THE 3rd PAMB EN BANC
MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY
(MWS) FOR CY 2022.

Respectfully endorsed are the resolutions and the corresponding minutes of the 3rd Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on September 14, 2022 at PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque.

For information, evaluation and approval.


IMELDA M. DIAZ



September 21, 2022

MEMORANDUM

FOR : The OIC, PENR Officer
Boac, Marinduque

FROM : The Protected Area Superintendent
Marinduque Wildlife Sanctuary

SUBJECT : RESOLUTIONS AND MINUTES OF THE 3rd PAMB EN BANC
MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY
(MWS) FOR CY 2022

We are respectfully submitting the resolutions and the corresponding minutes of the 3rd Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on September 14, 2022 at PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque, to wit:

Resolutions No.	Title
2022-006 dated September 14, 2022	RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) UPANG IPAGBAWAL ANG PAGDADALA AT PAGGAMIT NG MGA SINGLE USE PLASTIC SA LOOB NG MWS
2022-007 dated September 14, 2022	RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) SA PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT (CLEARANCE) NA I-ADOPT NG KAPULUNGAN O PAMB ANG RESOLUSYONG PAMBARANGAY NA INIHAIN NI KGG. REDEN G. FIDELINO, PUNONG BARANGAY, SIBUYAO, TORRIJOS

For information, evaluation, and approval.


EMETERIO M. RECTO


**KATITIKAN NG IKATLONG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EN BANC NG MARINDUQUE
WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA-14 NG SETYEMBRE, 2022 SA
PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON,
BOAC, MARINDUQUE**

PANGALAN

POSISYON/AHENSYA/BARANGAY

MGA DUMALO:

1.	RED Lormelyn E. Claudio	RED/Chairperson, MWS-PAMB (<i>Presiding Officer</i>)
2.	G. Ian Mangana	DOM, House of the Representatives (<i>Representative of Congressman Lord Allan Jay Q. Velasco</i>)
3.	PA Vincent Michael Q. Velasco	Marinduque Provincial Administrator (<i>Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco</i>)
4.	Kgg. Enrique P. Landig	Punong Barangay, Balagasan, Boac
5.	Kgg. Crisostomo N. Monterey	Punong Barangay, Boi, Boac
6.	Kgg. Alex N. Montiano	Punong Barangay, Canat, Boac
7.	Kgg. Reynaldo P. Lingon	Punong Barangay, Hinapulan, Boac
8.	Kgg. Benjamin M. Larga	Punong Barangay, Tugos, Boac
9.	Kgg. Lorna M. Jimena	Punong Barangay, Tumagabok, Boac
10.	Kgg. Restituto L. Pabalat	Punong Barangay, Malbog, Buenavista
11.	Kgg. Dante M. Marinduque	Punong Barangay, Sihi, Buenavista
12.	Kgg. Delfin R. Fellizar	Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz
13.	Kgg. Teodoro R. Ramos	Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz
14.	Kgg. Sabino R. Rojo	Punong Barangay, Malibago, Torrijos
15.	Kgg. Jessie R. Peralta	Punong Barangay, Nangka, Torrijos
16.	Kgg. Reden G. Fidelino	Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos
17.	Kgg. Lito M. Montiano	Barangay Kagawad, Binunga, Boac (<i>Rep.</i>)
18.	Kgg. Matias Felipe	Barangay Kagawad, Duyay, Boac (<i>Rep.</i>)
19.	Kgg. Johnny C. Francisco	Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista (<i>Rep.</i>)
20.	Kgg. Alejandro Napigkit	Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan (<i>Rep.</i>)
21.	Kgg. Edsel M. Basco	Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan (<i>Rep.</i>)
22.	Kgg. Milton J. Magaling	Barangay Kagawad, Tiguion, Gasan (<i>Rep.</i>)
23.	G. Rolando P. Saet	MENRO, LGU Torrijos (<i>Rep. of Mayor Velasco</i>)
24.	G. Jeffre Jandusay	Representative of Provincial Tourism Office
25.	G. Adrian S. Mausig	Associate DEAN, Marinduque State College (<i>Academe</i>)

MGA HINDI DUMALO:

1.	Kgg. Armi DC. Carrion	Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque
2.	Kgg. Rolando O. Tolentino	Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque
3.	Kgg. Eduard L. Siena	Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque
4.	Kgg. Marisa R. Red	Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque
5.	Kgg. Gerry M. Malubag	Punong Barangay, Bayuti, Boac
6.	Kgg. Alejandro P. Opis	Punong Barangay, Tambunan, Boac
7.	Kgg. Aristeo R. Rodil	Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz
8.	Kgg. Bernardo P. Pastoral	Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz
9.	PD Bernardo T. Caringal	Prov'l Science & Technology Director, DOST
10.	PCOL Christopher D. Melchor	Provincial Director, Marinduque PPO

- | | | |
|-----|-------------------------|--|
| 11. | G. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC (NGO) |
| 12. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |

MGA IBA PANG DUMALO:

- | | | |
|-----|--------------------------|---|
| 1. | Emeterio M. Recto | Sr. ECOMS/Protected Area Superintendent-MWS |
| 2. | Alvin L. Pergis | Ecosystems Management Specialist II, PAMO-MWS |
| 3. | Roderick S. Villanueva | Park Maintenance Foreman, PAMO-MWS |
| 4. | Blesilda J. Constantino | Administrative Aide VI, PAMO-MWS |
| 5. | Almer L. Peregrin | Forest Ranger, PAMO-MWS |
| 6. | Julius Mark L. Manoos | Forest Technician I, PAMO-MWS |
| 7. | Niña Jane L. Mendoza | EMS I (JO), PAMO-MWS |
| 8. | Sherwin M. Milaya | Technical Support Staff/IT (JO), PAMO-MWS |
| 9. | Rachel Ann V. Guanzon | Technical Support Staff/(JO), PAMO-MWS |
| 10. | Ericka Q. Roldan | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 11. | Amando A. Rivamonte, Jr. | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 12. | Jason Michael S. Leynes | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 13. | Regie C. Patulot | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 14. | Gerald M. Liguít | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 15. | Arnolfo M. Lazo, Jr. | Forest Protection Officer, PAMO-MWS |
| 16. | G. Allen Ablang | Staff, DENR - MIMAROPA Region (<i>via zoom</i>) |
| 17. | Engr. Ryan M. Pastoral | Engr. III, PGO |
| 18. | G. Dante M. De Luna | Economist II, PG-ENR Office, PGM |

I. PAGBUBUKAS NG PROGRAMA

Ang ikatlong regular na pagpupulong ng mga kasapi ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) para sa taong 2022 ay isinagawa sa pamamagitan ng *face to face* na ginanap sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque. Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin at sinundan ng sama-samang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang *Audio-Visual Presentation (AVP)*.

Sa pagpapatuloy ng programa, si PENR Officer Imelda M. Diaz ang nagbigay ng pagtanggap na pananalita na kung saan ay ipinaabot niya ang kaniyang mainit na pagbati at pasasalamat sa lahat ng nagsipagdalong mga kasapi ng Marinduque Wildlife Sanctuary- Protected Area Management Board (MWS-PAMB) sa pangunguna ni RED Lormelyn E. Claudio. Siya rin ay lubos na nagagalak sa pagdalo ng mga kinatawan mula sa Tanggapan ng Kinatawan ng Lalawigan at Ama ng Lalawigan. Aniya, ang lahat umano ng mga paksang mapag-uusapan ay mabibigyan ng linaw o tugon. Sa huli, ay muli niyang pinasalamatan ang mga kasapi ng PAMB dahil sa kanilang pagdalo at sa patuloy na suporta sa pamamahala ng MWS. Inaasahan din niya ang isang makabuluhan at masaganang araw para sa pagsasagawa ng pagpupulong ng PAMB.

Si Provincial Administrator (PA) Vincent Michael Q. Velasco ang nagbigay ng *inspirational message* bilang kinatawan ng Ama ng Lalawigan na si Gov. Presbitero J. Velasco. Bago siya dumako sa pagbabasa sa mensahe ni Gov. Velasco ay ipinaabot niya sa kapulungan ang kanyang mainit na pagbati sa lahat ng dumalo sa gagawing pagpupulong sa pangunguna ni RED Lormelyn E. Claudio. Kanya ring sinabi na malapit sa puso na kanyang kapatid na si Congressman Lord Allan Jay Q. Velasco ang konserbasyon at pangangalaga ng kalikasan. Bukod sa turismo, higit aniyang dapat pagtuunan ng pansin ang pangangalaga sa ating kalikasan para sa susunod na henerasyon.

Sa mensahe naman ni PA. Velasco, ipinaabot niya ang kanyang mainit na pagbati at pasasalamat sa lahat ng dumalo sa gagawing pagpupulong. Aniya, mapalad ang lahat sa pagbisita at pakikibahagi ni RED Lormelyn E. Claudio ng DENR MIMAROPA sa iba't-ibang gawain at aktibidad sa lalawigan ng Marinduque. Kanya ring ipinaabot ang kanyang mainit na pagtanggap kay RED Claudio sa probisnya ng Marinduque. Sa kanyang pagpapatuloy, sinabi niyang nagkakatipon ang bawat isa upang pag-usapan ang mga naging *accomplishment* at ang mga kinakaharap na isyu ng PAMB pagdating sa pangangalaga at pamamahala ng pinangangalagaang-pook. Ayon pa sa kanya, ang magandang lalawigan ng Marinduque ay mayaman sa mga buhay-ilang na dapat panatilihin, pagyamanin at protektahan. Bilang mga kasapi sa MWS-PAMB, dapat aniyang tiyakin na naipatutupad ng mahusay ang Protected Area Management Plan (PAMP) para sa pag-iingat ng iba't-ibang buhay-ilang na matatagpuan sa probinsya ng Marinduque.

Sa pagpapatuloy ng kanyang mensahe ay sinabi niyang ang ipinagmamalaking Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay isa sa mga pinupuntahan ng mga turista pati ng mga lokal na kababayan kaya nararapat aniyang paigtingin at palakasin ang pagpoprotekta nito gayundin sa iba pang mga *“tourist spot”* sa ating lalawigan. Ipinaabot din niya ang kanyang pasasalamat sa Provincial Environment ang Natural Resources Office (PENRO) sa pangunguna ni PENR Officer Imelda M. Diaz sa mga hakbangin at programa na kanilang isinasagawa upang maprotektahan at maingatan ang kapaligiran at likas-yaman sa lalawigan. Sa huli, hinikayat niya ang bawat isa na ipagpatuloy ito para sa mga susunod pang henerasyon.

Sa mensahe naman ni RED Lormelyn E. Claudio ay ipinaabot din niya ang kaniyang mainit na pagbati sa lahat ng mga nagsipagdalong kasapi ng MWS-PAMB gayundin ang kanyang kagalakan na makarating sa lalawigan ng Marinduque. Ayon sa kaniya, bago ang ginaganap na pagpupulong ng PAMB ay nakibahagi sila sa International Coastal Clean-up (ICC) na ginanap sa Barangay Pinggan, Gasan. Ipinahayag niya ang kanyang pagkagalak sapagkat nasaksihan niya ang aktibong pakikilahok ng mga kapulisan sa pangunguna ni PCOL Christopher D. Melchor maging ang Armed Forces of the Philippines at Coast Guard. Siya rin ay nakilahok sa isinagawang sabay-sabay na pagtatanim ng puno kasabay ng pagdiriwang ng ika-122 *Battle of Pulang Lupa Commemoration* na isinagawa sa Barangay Bolo, Torrijos, Marinduque.

Kaugnay ng isinagawang *“tree planting”*, ipinagbigay-alam niya sa kapulungan na mayroong batas o ang Republic Act 10176 **“AN ACT REVIVING THE OBSERVANCE OF ARBOR DAY BY AUTHORIZING THE LOCAL GOVERNMENT UNITS THE RESPONSIBILITIES FOR CELEBRATING THE DAY FOR TREE PLANTING AS AN ANNUAL EVENT”**. Binigyang-diin niya sa kapulungan na hindi lang ang pagtatanim ang dapat pinagtutuunan ng pansin sa halip ay kung paano pagyayamanin/palalaguin ang mga punong naitanim sa lugar. Sinasabi niya aniya ito dahil sa pangangailangang maibalik ang pagtatanim at ang paghahanap ng mga barangay at mga munisipyo ng dakong pagtataniman ng mga puno. Ayon pa kay RED Claudio, dapat magkaroon ng parehong lugar para sa produksyon at proteksyon ang bawat munisipyo. Alinsunod sa itinatakda ng kanyang itinurang batas na ang Local Government Unit (LGU) ay magkaroon ng itinalagang dakong pagtataniman ng mga punongkahoy na mabilis lumaki/yumabong (*fast growing*) at upang maging legal ang paggamit nito gaya ng produksyon ng uling.

Bukod rito, isa rin sa kanilang layunin sa pagdako dito sa lalawigan ng Marinduque ang tungkol sa *spillage of tailings* na dulot ng MARCOPPER. Ayon sa kanya, ikinagalak din niya ang pagkakaroon ng kakayanan at ang aktibong pagkilos ni Gov. Velasco kaugnay ng nasabing isyu. Ipinagbigay-alam din niya sa kapulungan na nagkaroon na ng kahilingan si Gov. Velasco sa dating acting DENR Secretary Jim O. Sampulna hinggil sa paglilinis ng mga anyong tubig at lupa na naapektuhan ng naturang sakuna. Ayon pa sa kanya, ang hinihintay na lamang dito ay ang bagong order ng bago at kasalukuyang Kalihim ng DENR. Aniya, hindi hihinto si Gov. Velasco na malinis ang mga naapektuhang mga anyong tubig kasama na ang lalao (*Mangrove*).

Sa kanyang pagpapatuloy, sinabi din niyang kapag ang Marinduque ang pag-uusapan, ang unang pumapasok sa kaniyang isipan ay ang tungkol sa nagdaang sakuna. Subalit sa kanyang paglalayag patungo rito ay kanyang napagtanto ang kagandahan ng probinsya. Ayon pa sa kanya, sa nagdaang *tree planting activity* na isinagawa sa Pulang Lupa ay nasaksihan niya ang magandang “*scenic view*” ng pook na maihahambing sa Camotes Island ng Cebu. Bukod dito ay marami pa siyang nakitang magagandang dako gaya ng Bella Roca at ang Tres Reyes Island sa Bayan ng Gasan.

Sinang-ayunan din ni RED Claudio ang naunang mensahe ni PA Velasco tungkol sa malaking potensyal ng Marinduque na magboom ang turismo at ang “protected area” dito ang gaganap ng mahalagang papel. Kanya ring ibinalita na sa ibang mga bansa ay marami ding ginagawang *tourism sites* na maaari ding gawin sa lalawigan sapagkat maraming nakikitang maiaalok sa mga bisita/turista at higit sa lahat ay aktibo ang mga opisyaes ng lalawigan upang siguruhin na ang mga iniisip gayundin ang pag-unlad ay papangyarihin.

Sa kanyang pagtatapos ay sinabi niyang masaya siyang makadaupang palad ang mga kasapi ng MWS-PAMB kasunod ang panghihikayat niyang magkapit-bisig para sa patuloy na proteksyon ng Marinduque Wildlife Sanctuary.

II. **PAGPUPULONG NG PAMB**

A. **Panimula ng pagpupulong**

Ang regular na pagpupulong ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* ay pinasimulan sa pangunguna ni ECOMS II Alvin L. Pergis, Kalihim ng PAMB sa ganap na ika-11:00 ng umaga.

Ang ginanap na pagpupulong ay pinangunahan ni RED Lormelyn E. Claudio, Regional Executive Director (RED) ng DENR-MIMAROPA Region na siya ring Chairperson ng MWS-PAMB.

B. **Pagtitiyak ng Korum**

Ang korum ay tiniyak ni ECOMS II Alvin L. Pergis sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan ng mga personal na nagsipagdalong kasapi ng MWS-PAMB.

C. **Pagbabasa/pagsusuri ng katitikan ng mga nakaraang pagpupulong**

Iminungkahi ni Kgg. Lorna M. Jimena na basahin na lamang nang tahimik ang nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-24 ng Hunyo, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Barangay Bangbangan, Boac, Marinduque at gawin ang pagtatama nito sa bawat pahina na sinang-ayunan naman ng nakararami.

Ang Tagapangulo ay nagsimula ng pagtatanong sa kapulungan para sa kanilang mga obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na dapat baguhin o iwasto.

Ang naging puna:

Sa *unang pahina*, linya 49 ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Benjamin M. Larga ang pagwawasto sa kanyang “*middle initial*”.

Sa pahina 4, linya 188; pahina 5, linya 231; pahina 7, linya 321 at 344 ay malugod ding iminungkahi ni Kgg. Lorna M. Jimena ang pagwawasto sa baybay ng mga salitang “***Pamamagitan, Dito, Ipinakita at Nilinaw***” ayon sa pagkabanggit.

Sa Pahina 8, linya 366 ay malugod ring iminungkahi ni Kgg. Reden G. Fidelino ang pagwawasto sa baybay ang salitang “***Aktibidad***”.

Sa Pahina 9, Linya 453 ay malugod ding iminungkahi ni Kgg. Restituto L. Pabalat ang pagwawasto sa baybay ng wastong pangngalang “***Malbog***”. Gayon din sa pahina 11, linya 548 ay iminungkahi niya an gang pagwawasto sa baybay ng pangngalang “***Pastulan***”.

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay muling nagkaroon ng pagtatanong sa mga kasapi ng PAMB para sa iba pang obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan na dapat pang baguhin.

Sapagka’t wala ng nakikitang puna na dapat pang iwasto o baguhin sa nakaraang katitikan kung kaya’t ito’y iminungkahi niyang pagtibayin.

D. Pagpapatibay sa nakaraang katitikan

Naghain ng mosyon si Kgg. Restituto L. Pabalat upang pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ng PAMB nang may pagwawasto na pinangalawahan ni Kgg. Lorna M. Jimena at sinang-ayunan ng nakararami.

E. Pagpapatibay sa mga paksang pag-uusapan/tatalakayin

Binasa ng Tagapangulo ang hanay ng mga paksang pag-uusapan, subalit bago ang pagpapatibay nito ay hiningi niya ang mungkahi ng kapulungan tungkol sa iba pang paksang nais pag-usapan.

Para sa iba pang paksang nais pag-usapan ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Johnny C. Francisco na maidagdag ang tungkol sa “***Proposed Small Reservoir Irrigation Project (SRIP) ng National Irrigation Administration (NIA) sa Barangay Bagtingon, Buenavista*** at ang tungkol sa ginawang “***Resulta ng isinagawang Demarcation of boundaries ng pinangangalagaang-pook o Marindque Wildlife Sanctuary (MWS)***” na ayon sa kanya sa nakasakop sa mga tituladong lupa.

Malugod ding iminungkahi ni Kgg. Dante M. Marinduque na maisama ang tungkol sa “***Ipinatanim na punong Gmelina ng dating administrasyon at hinihiling na maisyuhan ng cutting permit***”.

Para sa pagpapatibay nito, naghain ng mosyon si Kgg. Jessie R. Peralta upang pagtibayin ang hanay ng mga paksang pag-uusapan kalakip ang mga naging susog na pinangalawahan ni Kgg. Dante M. Marinduque at sinang-ayunan ng nakararami.

E. Pagtatalakay sa mga paksang hindi natapos mula sa nakaraang katitikan

Bago ang pagtatalakay ng mga paksang nakahanay na pag-usapan ay iminungkahi ng Tagapangulo na balikan muna ang mga isyu o paksang hindi natapos mula sa nagdaang pagpupulong.

Sapagka’t wala namang isyu o usapin na kailangang pang pag-usapan sa nakaraang katitikan ng pagpupulong kung kaya’t ang kapulungan ay nagpatuloy sa pagpupulong.

F. Pagtatalakay sa mga paksang pinagtibay na pag-usapan

1. Protected Area Management Office (PAMO) Accomplishment for the Third Quarter CY 2022

Sa panimula ay binati ni PASu Emeterio M. Recto ang kapulungan bago dumako sa pagtatalakay niya sa naging *accomplishment* ng Protected Area Management Office (PAMO). Ayon sa kanya, mapalad ang bawat isa sa pagbisita sa lalawigan ni RED Lormelyn E. Claudio para manguna sa pagpupulong. Aniya, ang ikatlong pagpupulong ng PAMB ay nakatakda sanang gawin sa Barangay Malbog, Buenavista alinsunod sa napagkasunduan ng PAMB subalit nabago ito upang makaharap ang butihing RED at Chairperson ng PAMB. Ayon sa kanya, ang kanyang iuulat ay tungkol sa *third quarter accomplishment* ng PAMO.

Para sa kaalaman ni RED Claudio, sinabi niyang nagsimula ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 696 na may petsang August 17, 2004 alinsunod sa Republic Act 7586 o ang *National Integrated Protected Area System (NIPAS) Act of 1992*. Ayon kay PASu Recto, ang dating sukat ng MWS ay 8,827.96 ektarya at ito ay binubuo ng dalawang parsela. Ang unang parsela o ang tinatawag na Balagbag Mountain Ranges ay may sukat na 5,597.60 habang ang ikalawa o mas kilalang Central Marinduque Mountain Ranges ay may sukat na 3,230.30 ektarya. Gayon man, noong mapabilang sa legislated protected area ang MWS alinsunod sa pinagtibay na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018) ay lumawak ang saklaw nito na may sukat na 9,758.71 ektarya.

Kanya ring ipinakita ang Mapa kung saan naka-*project* ang dalawang parsela ng MWS at ang *zoning* nito na binubuo ng *multiple-use zone* at *strict protection zone*. Kasunod niyang inilahad ang *administrative jurisdiction* ng MWS kung saan matutunghayan ang limang munisipyo at 23 Barangays na bumubuo rito.

a. Demarcation of legislated PA

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay may dalawang (2) target na magawa ang PAMO sa ilalim ng proyektong *demarcation*. Ito ay ang paglalagay ng 43 *monuments/corners* sa hangganan ng MWS at ang paglalagay ng 283 *signages* sa mga istratohiyang lugar. Ngayong taon, ang target na 43 monuments ay nakumpleto na ng kontraktor noong March 22, 2022 at sa kabuuan ay 408 monuments na ang nailagay sa mga hangganan ng MWS (2020-2022). Gayundin ang *fabrication* at *installation* ng 283 signages ay nakumpleto na rin ng kontraktor noong July 2022. Kasunod niyang ipinakita ang mga kuha ng larawan ng muhon at signages kasama ang naging inspeksyon ng PENRO *Technical Inspection Committee* (TIC) katuwang ang PAMO Staff/personnel.

b. Maintenance of Monuments (365 monuments installed)

Ayon kay PASu Resto, ang pagpapanatili at pangangalaga sa mga nailagay na mga muhon at signages ay regular na ginagawa ng Protected Area Management Office (PAMO) *field personnel*.

c. Protected Area Habitat Protection

Base sa ulat ni PASu Recto, ngayong taon ay dalawang (2) Biodiversity Management System (BMS) ang target na magawa ng PAMO. Ang ikalawang BMS para sa taong ito ay naisagawa noong August 11-12, 2022 sa Sityo Tawang, Brgy. Tambangan, Santa Cruz Marinduque. Katuwang ng PAMO sa pagsasagawa nito ang mga kinatawan na buhat sa PG-ENR Office, miyembro ng Tawang Upland Farmers Association (TUFA) at Local Government Unit ng Barangay Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque.

Kasunod niyang ipinakita ang mga kuha ng larawan sa pagsasagawa ng *Focus Group Discussion (FGD)*, *Transect Walk/Count* at *Photodocumentation*.

d. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)

Para sa taong ito, ang PAMO ay may target para sa paggawa ng 3-5 minutes *Audio Visual Presentation (AVP)*, isang (1) *species booklet* at 150 pirasong pamphlet na ipamamahagi sa *protected area stakeholders*.

Para naman sa update/status nito, sinabi ni PASu Recto na “*for final editing*” na ang mga ito bago isumite sa Regional Office.

e. PAMB Operationalization

e.1. Capacity Building

Ngayong kwarter ay target din ng PAMO ang pagkakaroon ng *Training Needs Assessment (TNA)* upang tukuyin kung anong uri ba ng pagsasanay ang kinakailangang maibigay sa mga kasapi ng PAMB at mga tauhan ng PAMO. Ayon pa sa kanya, ang mga TNA forms ay naipamahagi na sa mga kasapi ng PAMB at magkakaroon din ng pagpapaliwanag ang kanilang kasama tungkol dito.

e.2. Regular PAMB meeting

Sinabi ni PASu Recto na, ang pagpupulong ng PAMB ay ginagawa *quarterly* o apat na beses sa looban ng isang taon. Ayon pa sa kanya, ang unang pagpupulong ng PAMB ay naisagawa noong ika-3, ng Marso taong 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Barangay Maharlika, Sta. Cruz, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ang MWS-PAMB ng tatlong (3) resolusyon.

Ang ikalawang pagpupulong naman ng PAMB ay ginanap noong ika-24 ng Hunyo sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ang MWS-PAMB ng dalawang (2) resolusyon. Ipinaabot din ni PASu Recto ang kanyang pasasalamat kay RED Lormelyn E. Claudio sa mabilis na paglagda sa mga isinusumiting resolusyon ng MWS PAMB.

f. PAMO Operationalization

Ayon kay PASu Recto, sa kasalukuyan ay mayroong 22 Contract of Service (COS) ang PAMO na binubuo ng isang (1) *EMS I*, walong (8) *Park Rangers (PRs)*, pitong (7) *Biodiversity Protection Assistants (BPAs)*, dalawang (2) *Forest Protection Officers (FPOs)*, isang (1) *Ecotourism Aide*, isang (1) *Caretaker*, isang (1) *Technical Support Staff* at isang (1) *Data Encoder*.

g. Ecotourism Program

g.1 Maintenance of PAMO & Ecotourism Facilities

Ayon kay PASu Recto, ang pagpapanatili at pangangalaga ng mga pasilidad at inprastruktura ay regular na ginagawa at mayroon itong quarterly report na regular na isinusumite sa Regional Office.

Sa kanyang pagpapatuloy ay sinabi niyang tuloy-tuloy ang programang may kaugnayan sa turismo at bago muling buksan ang MWS sa publiko ay nagkaroon din ng pagpupulong sa mga *ecoguides* upang maging handa sila sa pag-aasikaso ng mga bisita. Nagkaroon din ang PAMO ng *public advisory* na may petsang April 12, 2022 upang ipabatid sa publiko na bukas na at tumatanggap ng muli ng mga bisita sa

MWS bagaman't *day tour* pa lamang ito dahil pa rin sa banta ng pandemya. Ayon din sa kanya, ang bahagi naman ng Balagbag partikular sa Barangay Malibago, Torrijos ay binuksan na sa publiko noong July 11, 2022. Kaugnay nito, ipinagpauna ni PASu Recto na mayroong *update* tungkol dito na hinihiling na maging *day & night* na ang operasyon ng *ecotourism activities* ng MWS. Kanya ring ipinagbigay-alam kay RED Claudio na mayroon ng Ecotourism Management Plan (EMP) ang MWS kasunod ang paglalahad niya ng list of fees na kinokolekta (IPAF) sa MWS.

h. Integrated Protected Area Fund (IPAF)

Ipinagbigay-alam ni PASu sa kapulungan na mayroong ng Php. 6,120.00 *income* ang MWS *as of August 25, 2022* ay. Aniya, ang target na makolekta sa pagpapatupad ng turismo para sa taong ito ay nagkakahalaga ng Php. 25,000.00. Ang kabuuang bilang ng turistang nakapasyal sa MWS ay 74 indibidwal pa lamang. Ang bilang na ito ay maliit pa lamang ayon kay PASu Recto subalit umaasa siyang matutugunan ng PAMO ang *target income* na makolekta sa taong ito.

i. Inventory of Alienable and Disposable Land (A&D), property and private rights

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay may target din ang PAMO tungkol sa imbentaryo ng *Alienable & Disposable Land (A&D), property and private rights* kung kaya't ang ginagawa ng PAMO ay nag-iimbentaryo ng mga naiisyung *Certificate of Land Ownership Award (CLOA)* at iba pang tituladong lupa na nasaklawan ng MWS. Bukod dito, nagsagawa din ang PAMO ng koordinasyon sa mga Barangay na napabilang sa bahagi ng MWS na kinapalooban ng A&D lots at patuloy ang pakikipag-ugnayan sa ahensya ng Department of Agrarian Reform (DAR) para sa talaan ng naiisyung CLOA sa MWS. Kasalukuyan din kino-compile ng PAMO ang mga reference map na buhat sa *records* at *GIS Specialist* ng PENRO Marinduque.

j. Lawin Forest and Biodiversity Protection System

Ang proyektong ito ayon kay PASu Recto ay isinasagawa sa una at ikalawang linggo ng bawat buwan sa *designated conservation areas* na saklaw ng *protected area*. Maliban dito, ang regular na *monitoring* at *patrolling* ay patuloy ding ginagawa upang matiyak ang maayos na kalagayan ng *protected area*. Sa kasalukuyan ay mayroon ng 219.58 kilometrong distansyang napatrolyahan ang mga *Lawin patrollers* ng PAMO na bahagi ng *conservation areas* na saklaw ng MWS. Aniya sa bawat buwan ay mayroong 20 kilometrong target ang PAMO para sa LAWIN.

Ang tagapangulo ay nagkaroon ng katanungan sa kapulungan kung mayroon ba silang komento sa inilalahad ni PASu Recto. Kaugnay nito, hiniling ng Tagapangulo kay PASu Recto na maipakita ang larawan ng Comfort Room sa MWS. Bilang tugon, humingi ng paumanhin si PASu Recto na hindi ito napasama sa kanyang pag-uulat subalit sinabing mayroong maganda at maayos na CR sa MWS na magagamit ng mga bisita/turistang papasyal dito.

Naitanong din ng Tagapangulo kay PASu Recto kung mayroon na bang signgages sa MWS kung saan ipinagbabawal sa pagdadala o pagpasok ng mga *single use plastic* o *pet bottles* na ayon naman sa huli ay mayroon na.

Kaugnay pa rin nito, naitanong pa rin ng Tagapangulo kung ano ba ang ginagawa ng PAMO kung sakaling mayroong nakapagdala ng mga plastic sa MWS. Bilang tugon, sinabi niyang walang nagtatapon ng basura sa MWS at pinabibitbit nila muli pauwi ang lahat ng basurang dala ng mga bisita.

Iminungkahi naman ng Tagapangulo na hindi na payagan ng PAMO ang pagdadala ng mga *single use plastic* ng mga bisita at hinihikayat ang paggamit ng mga *reusable containers* gaya ng *tumbler*. Maaari

aniyang ipanukala dito katuwang ang Provincial of Tourism Office ang katulad ng ginawa sa Cebu ang mismong DOT Regional Director ang kumausap sa mga may-ari ng mga hotel tungkol sa pagbabawal sa mga single use plastic. Ito aniya ang maaaring i-adopt din at gawin sa pagpapatupad ng mga programang pang turismo na sinang-ayunan naman ni PASu Recto.

Sa pagpapatuloy pa ng Tagapangulo, sinabi niyang kasama na sa binabayaran ng mga turista sa mga hotel ang presyo ng *container/tumbler*. Ayon pa sa kanya, maaari itong ipanukala ng PAMB upang ma-practice dahil nga kung minsan ay napakikiusapan pa ang mga bisita pero mas madalas ay nalilimutan na. Kaugnay sa kanyang naging mungkahi, hiningi niya ang opinion at komento ng kapulungan tungkol dito.

Samantala, si Kgg. Benjamin M. Larga ay nagbigay ng reaksiyon at sinabing sa kasakukuyan ay day tour pa lamang ang ino-offer ng MWS para sa mga bisita. Kaugnay ng proposal na payagan na ang night operation nito, naitanong niya kung mayroon bang *accommodation* sa MWS at kung papayagan bang magdala ng tent ang mga bisita para sa kanilang *overnight stay* dito.

Nilinaw naman ni PASu Recto na mayroong designated camping area sa MWS at mayroon ding mga tent na pinarerentahan. Pagdating naman sa accommodation, sinabi niyang mayroon ding dalawang kwartong pinarerentahan ang PAMO.

Naitanong din ni Kgg. Larga kung protected ba iyong mga bisita na magka-camping doon dahil baka mayroong untoward incident na mangyari.

Sinabi naman ng Tagapangulo na bagama't *second most peaceful province* ang Marinduque kailangan pa ring *coordinated* sa Barangay. Dahil dito, naitanong niya sa kapulungan kung mayroon bang Barangay Tanod na maaaring italaga kung sakaling ipatupad na ang *night operation* sa MWS.

Si Kgg. Lorna M. Jimena ay nagpahayag na *peaceful* din ang Barangay Tumagabok at ang mga tanod ay regular na nagroronda hanggang alas onse ng gabi.

Ayon sa Tagapangulo, may resolusyong gagawin ang PAMB kung mayroong panggabi na duty dahil iba ang fee sa araw at iba rin sa gabi *considering the peace and security aspect of it*. Kahit pa sinasabi ng datos na *second most peaceful province* ang Marinduque ay kailangan pa ding siguraduhin ang kaligtasan ng mga bisista. Iminungkahi din niyang pag-usapan muna ng PAMO kung magkano tlaga iyong fee para sa susunod na pagpupulong ay mayroon ng resolusyon na pag-uusapan. At bago pa yan sana, ang gawin ng PASu at ng kanyang team ay ipaikot na natin ang *draft resolution* dahil makapagbibigay ang mga *local government leaders* ng *advise* at *guidance* kung halimbawang magkano ba ang kailangang idagdag, ilan bang dapat na tanod na kinakailangan sa isang grupo. Ang PAMO kasama ang barangay ay magkaroon ng pag-uusap at magcome-up sa resolusyon kung magkano iyong fee para sa Barangay Tanod na magdu-duty kung mayroong bisita. Ang mungkahi ng Tagapangulo ay lubos na sinang-ayunan ng kapulungan.

Sa kanyang pagpapatuloy ay naitanong din niya sa kapulungan kung sumasang-ayon ba sila sa mungkahi na huwag nang magpapapasok ng single use plastic. Ayon sa kanya, sa dami ng mga bisita kung minsan ay nalilimutan na sa taas ang kanilang mga dalang plastic o basura. Dahil dito, mabuti aniyang magkaroon na ng *reusable tumbler*. Ipagbigay-alam sa mga bibisita na hindi na pwedeng ipasok ang single use plastic kung kaya't i-offer sa kanila yung *tumbler* na isasama na sa babayaran ng turista.

Iminungkahi din ni Kgg. Benjamin P. Largar na magkaroon ng hiwalay na bayarin para *entrance fee* at *environmental fee*.

Sinang-ayunan naman Tagapangulo ang naging mungkahi at sinabing pagtuunan ng pansin ang pagbibigay ng suporta *to go away with single use plastic like pet bottles*. Mayroon naman aniyang mas murang *tumbler* basta *reusable* ito. Ayon pa sa kanya, maaari itong simulan sa *port facility* pa lamang. Magkaroon ng advisory na kung ang *destination* ng bisita ay protected area, ipinagbabawal dito ang pagdadala ng mga mga pet bottles at iba pang single use plastic. Aniya, ang kakausapin lamang naman dito ay ang *Philippine Ports Authority (PPA)* at mga *shipping lines*. Kaugnay nito, hiningi din niya nagkomento at mungkahi ng kinatawan buhat sa DOT.

Bilang tugon, sinabi ni G. Jeffre Jandusay mula sa Provincial Tourism Office na pwede naman itong isama at kasama ring mai-promote iyong mga *souvenir items* gaya ng *key chain*.

Sinabi naman ng Tagapangulo na makatutulong dito ang PENRO dahil may mga *confiscated* na mga kahoy na pwedeng gawing *souvenirs* ng mga *wood curvers*. Nangako din siyang tutulong dito at sa tulong din ng TESDA. Kaugnay nito, hiningi niya ang mosyon ng kapulungan para sa gagawing resolusyon.

Iminungkahi naman ni Kgg. Larga na sa *advertisement/promotional materials* na lamang ilagay ang paunawa sa mga bisita/turista na hindi na pinapayagang magdala ng mga *single use plastic* dahil hindi aniya ito *applicable* sa mismong *pier* dahil sa main land ay maraming mabibilhan ng *plastic*.

Kaugnay ng pinag-uusapang promosyon tungkol sa di paggamit ng mga single use plastic ay sinabi ni PENR Officer Imelda M. Diaz na mayroong mga grupo ng mga bisita na nagpapa-reserve o tumatawag sa opisina para sa online booking. Mayroon aniyang Satelite Office ang PAMO kung kaya pwedeng dito na i-orient sa mga kondisyones sa pagpasok sa MWS bago pa sila umakyat sa Tumagabok, Boac. At isa sa kondisyones na kailangang ikonsider ng bisita ay ang hindi pagdadala ng pet bottles at sa halip ay mayroong ino-offer ang PAMO na alternative dito. Sa registration pa lamang ay maaari ng gawin ang orientation at palagian din aniyang may advisory ang PAMO in fact kahit sa notice of meeting ay inilalagay na huwag ng magdadala ng *single use plastic*.

Nilinaw naman ng Tagapangulo na hindi lamang pet bottles ang hindi papayagang maipasok sa MWS kundi pati na rin ang mga kauri nito gaya ng mga *plastic spoon, fork, and knives*. Bukod dito, iminungkahi din niya na huwag na ring payagan pagdadaka ng 3-in-1 sachet. Mahirap aniya ito, wala naman aniya ditong *Category 4 Sanitary Landfill* bagkus ay *control dumpsite* pa lamang naman o dili kaya ay *category 1-2*. Kailangan aniyang iwasan ang mga ganitong uri ng mga basura para maprotektahan ang ating protected area at makatulong tayo sa kinakailanagang *change of behavior* ng ating mamamayan na may option naman. "We can go away with this (plastic) dahil mayroon namang ganito (reusable thumbler).

Kaugnay nito, hiniling ng Tagapangulo na mayroong mag volunteer mula sa mga kasapi ng PAMB na tumulong sa pagbabalangkas ng resolusyon tungkol dito.

Bago pa ito tugunin ng kapulungan, si Kgg. Restituto L. Pabalat ay naghain ng katanungan tungkol sa nasasakupan niyang bokal na pinapaliguan ngayon ng mga taga-Buenavista. Aniya, sa kasalukuyan ay wala pa silang sinisingil na *environmental fee*. Ayon pa sa kanya, nagkaroon siya ng idea sa tulong ng Tagapangulo ang Barangay pala ay maaaring magkaroon ng ordinansa para doon sa paliligo sa nasabing bokal. Ayon pa sa kanya, ang nasabing bokal ay daang ektarya ang pinatutubigang mga palayan. Sa kasalukuyan ay hindi pa naman pinagbabawalan ng mga may-ari ng tubigan na paliguan ang nasabing lugar. Aniya ang tubig rito ay nanggagaling sa ilalim ng bundok na pwede ring inumin at paliguan. Ang dakong kinaroroon nito ay tinatawag ding "bigho" at malakas na tubig ang bumubukal. Kung mapapasyalan aniya ito ng mga tauhan ng DENR ay mas maigi. Kanya rin umanong ibinilin sa kaniyang kagawad na linisin ang nakakalat na mga plastic at itapon sa wastong lalagyan. Ayon pa sa kanya, gagawa

507 ang Barangay ng ordinansa para naman sa mga kumakalat na basura. Sapagkat noong hinigpitan umano
508 niya ang mga ilegal na gawain sa ilog ay lumakas pa ang daloy ng tubig dito.

509

510 Ang Tagapangulo ay nagbigay ng reaksiyon sa inilahad ni Kgg. Pabalat at sinabing mayroon itong
511 potensyal na gamit. Pagdating sa private, sinabi ng Tagapangulo na ito ay iko-cover na manggagaling mula
512 sa *National Water Resources Board (NWRB)*. Idudulog ito sa kanila kung papaano ang pwedeng gawin
513 dito dahil nasa private land ito. Kung nasa loob ito ng protected area ay maaari namang magkaroon ng
514 resolusyon ang PAMB para sa environmental fee to make sure na hindi mapinsala yong spring na yan.
515 We will coordinate with the NWRB para ipagtanong natin yan kung LGU run ito, kinakailangan pa kaya
516 ng clearance or kung later on may partner ang LGU. May clearance from NWRB, papayuhan po namin
517 kayo sa susunod na meeting or basta once we are able to coordinate with NWRB on it.

518

519 Ayon naman kay Kgg. Pabalat na malinaw ang isinasaad sa Batas na na basta ito ay bokal ay pag-
520 aari pa rin ito ng gobyerno.

521

522 Sinang-ayunan naman ito ng Tagapangulo at sinabing pag-aari nga ito ng estado kung kaya
523 kailangan na may clearance mula sa NWRB at malinaw kung ano ba ibang gamit nito. Kailangan ding
524 idulog ito sa Environmental Management Bureau (EMB) para sa *discharge permit* halimbawang gagawa
525 ng pool sa lugar ay kailangang may permit. Kayo naman ay po ay miyembro ng PAMB kung kaya't madali
526 lamang po ang koordinasyon natin.

527

528 Pinayuhan din ni PENR Imelda M. Diaz si Kgg. Pabalat na ang PENRO sa ngayon ay parang
529 deputize na galamay ng NWRB kung kaya't mayroon silang Water Resources Unit (WARU) dito. Ayon
530 pa rin sa kanya, mayroon din silang pinamimigay na checklist ng requirement at gagabayan namin kayo
531 kung ano po ang *appropriate water permit o water rights* na pwede ninyong i-secure. At kung ano po ang
532 gamit o purpose na prefer po ninyo. Ipinagbigay-alam din niya sa kapulungan na maging ang mga
533 indibidwal na mayroong mga poso (*water pump*) at pinagse-secure nila ng *permit* although sila ay
534 nagbabayad ng 100 pesos para sa aplikasyon pero for monitoring na rin ito ng PENR para malaman kung
535 ilan bang water resources ang meron tayo dito sa lalawigan. Actually, target din ng PENRO ang inventory
536 nito although NWRB ang may mandato nito. Na-deputize lamang ang DENR at Region dahil wala silang
537 Regional at Provincial Offices.

538

539 Sa pagbabalik ng kapuklungan sa pinag-uusapang resolusyon, sinabi ng Tagapangulo na mayroon
540 ng dalawang resolusyon ang PAMB at una rito ang tungkols "single use plastic" at ikalawa ay iyong fees
541 kapag nagkaroon na ng night time operation ang MWS. Inulit din niyang kung mag-draft ng resolusyon
542 ay makipag-ugnayan sa Barangay.

543

544 Si Kgg. Lorna M. Jimena ay naghain ng mosyon sa kapulungan na gumawa ng resolusyon ang
545 PAMB upang ipagbawal ang pagdadala at paggamit ng mga single use plastic papasok sa loob ng MWS
546 na pinangalawahan ni Kgg. Jessie R. Peralta at sinang-ayunan ng nakararami.

547

548 Sinabi naman ng Tagapangulo na in principle ay mayroon ng resolusyon at ang MWS pa lamang
549 ang PAMB na may ganoong resolusyon. Sinasabihan aniya ang turista, pero iyong ipagbawal ay di pa
550 natin nagagawa.

551

552 Si Kgg. Sabino R. Rojo ay nagbigay din ng pahayag at sinabing sa Brgy. Malibago, Torrijos ay
553 mayroong viewing deck na pinupuntahan ng mga turista. Nabanggit din ni Kgg. Rojo ang tungkol sa
554 Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DENR at Barangay. Hiniling din niya sa kapulungan
555 na sana iyong Balagbag ay matutukan din ng pansin, ma-improve pa ito para sa mga nagpupuntang mga
556 bisita.

557

558 Sinabi ng Tagapangulo na mas familiar sa usaping ito si PENR Officer Diaz sa naging concern
 559 lalo na pagdating sa MOA sa pagitan ng DENR at Barangay.

560
 561 Binigyan naman ng background ni PENR Officer Diaz ang Tagapangulo at sinabing ang idinulog
 562 na concern ni Kgg. Rojo ay tungkol sa MOA noon kung paano ang magiging sharing scheme sa koleksyon
 563 pero hanggang sa ngayon ay parang hindi pa naipatutupad ang MOA. Aniya, ngayon siguro ang
 564 magandang panahon para buhayin ang MOA dahil ang sabi ni PASu ay parang ni-refer ang MOA for
 565 review noong panahon pa ni RED Henry A. Adornado. Sinasabi ko lang na may previous MOA na ganun
 566 na nitong panahon na ni RED Claudio ay pwede namang buhayin natin at mas maganda ay ireview pa at
 567 tingnan kung ano pa yung mga gusto niyong maincorporate naman. I understand na nag-iisip kayo kung
 568 paano yong sharing sa magiging koleksyon. For your information din po madam chair, yun pong Barangay
 569 Malibago ay entrance at maaari ding exit ng MWS. So yun po kasing tutok natin ay nandon sa Tumagabok
 570 dahil andon yung ating Visitors Center at PAMO, Multi-purpose Hall. Ang sinsabi ni Kap ay bigyan din
 571 natin ng pansin ang Balagbag Mountain Ranges.

572
 573 Ipinagbigay-alam naman ni PASu sa kapulungan na ang naturang MOA ay nalagdaan ng dating
 574 RED Henry A. Adornado. Ang kundisyon naman doon na ipinaliwanag ni Dr. Doreen R. Mascareñas ay
 575 ang LGU o Barangay ay gagawa ng sariling income generating project at ii-improve ang mga daanan o
 576 pasukan papunta sa protected area para kung may turista ay sila direktang kikita gaya ng sa parking space.

577
 578 Tungkol naman sa naidulog na concern ni Kgg. Rojo, sinabi ng Tagapangulo na ang barangay ay
 579 maaaring magkaroon ng enterprise sa barangay lao na ang mga eco/tour guide at kung may facility naman
 580 ang Barangay basta titingnan lamang iyong nakapaloob sa local government code. Kaugnay nito,
 581 naitanong ng Tagapangulo kung mayroon na bang facility para sa mga backpackers ang Barangay
 582 Malibago, Torrijos.

583
 584 Bilang tugon, sinabi ni Kgg. Rojo na mayroon silang nakalaang pondo sa Barangay na gagamitin
 585 sa palalagay o paggagawa ng pathway para sa mga bisita. Bukod pa dito, naglagay din ang Barangay ng
 586 *waiting area* at CR sa lugar. Kung kaya gusto niya ireview ang dating MOA dahil parang nawawala na at
 587 iyong sharing ay wala pa ring nangyayari.

588
 589 Nangako naman ang Tagapangulo na kanyang titingnan ang nilalaman ng MOA dahi hindi pa
 590 umano niya ito nakikita ng personal at baka may mga probisyon doon na pwede pang ma-enhance. Gaya
 591 ng ibang tourism related activities na pwedeng gawin ng Barangay basta't magkaroon lamang ng IEC.

592
 593 Si PENR Officer Diaz ay nagbigay ng pahayag tungkol sa sinabi ni Kgg. Rojo na parang hindi
 594 naman nai-implement iyong MOA. Ayon kay PENR Officer Diaz, ito ay dahil doon sa timing na
 595 pagkatapos na napirmahan ang MOA ay dalawang taong nagkaroon ng pandemic at hindi naman nagamit
 596 iyong area. Gayon pa man, ito aniya ang tamang pagkakataon para isaayos ang usapan para sa pagpunta
 597 ng mga turista. Pagdating naman sa *reusable containers*, hindi lang siguro sa Tumagabok ito ipatutupad
 598 kundi sa lahat ng *entrances ng protected area*.

599
 600 Si Kgg. Larga ay nagpahayag na sa kanilang barangay ay mayroong ginawang "*farm to market*
 601 *road*" na pinondohan ng Department of Tourism. Ayon pa sa kanya, ang naturang daan ay patungo sa
 602 waterfall na matatagpuan sa kanilang barangay na gusto ring idevelop kasunod ng kalsada. Ang pondo
 603 nito ay maaaring manggaling sa DOT o sa barangay at makikipag-ugnayan na lamang po kami sa body o
 604 PAMB.

605
 606 Sinang-ayunan naman ito ng Tagapangulo at sinabing kabilang naman sa PAMB ang kinatawan
 607 ng DOT na maaaring makatawag ng atensyon ng Regional Direktor ng DOT. Ipinaalaala din niyang

608 pakiremind na lamang sa kanya ni PASu at PENRO ang update dito. Ayon pa sa kanya, abogado ang
 609 bagong director ng DOT at nangako din siyang susuportahan ang idinulog na proposal ni Kgg. Larga.

610

611 Nilinaw naman ni PASu Recto na mayroon ng eco-guide na nasimulan sa Barangay Malibago,
 612 Torrijos, gayon man ang iba sa kanila ay hindi na aktibo pero silang lahat ay *trained guides*.

613

614 Bago mananghalian ang kapulungan, ibinida ng Tagapangulo ang naranasan niyang putong na sa
 615 kanyang pagkatanda ay wala o hindi ginawa sa ibang probinsya. Pakiramdam aniya nilang magkakasama
 616 na napaka-espesyal nila at kung maipagpapatuloy ang ganoong pagtanggap sa mga turista ay lilikha ito
 617 ng maraming trabaho sa mga Marinduqueño.

618

619 Ganap ng ika-12:57 ng hapon ng imungkahi ng Tagapangulo na pansamantalang itigil muna ang
 620 pagpupulong upang bigyang daan ang pananghalian. Ang kapulungan ay muling bumalik sa pagpupulong
 621 sa ganap na ika-1:30 ng hapon.

622

623 **2. Filling-up of Training Needs Assessment (TNA) Questionnaire in Protected Areas by PAMB** 624 **members**

625

626 Binati ni Bb. Ericka Q. Roldan, *Park Ranger* ng PAMO ang bawat isa bago dumako sa kanyang
 627 paglalahad ng nilalaman ng TNA *questionnaire*. Inisa-isa niyang ilahad ang mga bahagi ng *questionnaire*
 628 gaya ng sumusunod. Sa bahagi ng part A ng *questionnaire*, ito ng ang naglalaman ng tungkol sa *basic*
 629 *profile* ng *respondents* gaya ng pangalan, sex, age, contact detail at iba pa. Sa part B naman ay ang tungkol
 630 sa level of knowledge and understanding. Sa part C naman nakapaloob ang Training Methods, Logistics
 631 and Requirements.

632

633 **3. Presentation of 2nd Biodiversity Monitoring System Report**

634

635 Sa pagsisimula ni PASu Recto, ay sinabi niyang mayroong bagong *format* para sa paggagawa ng
 636 BMS report na sinusunod ang PAMO sa kasalukuyan. Naiiba umano ito sa dating ng *format* ng report na
 637 kanilang ginagamit.

638

639 Ayon sa kanya, ang BMS ay dating isinasagawa *quarterly* o apat (4) na beses sa isang taon pero
 640 sa kasalukuyan ay *semi-annual* na. Ang regular na mino-monitor dito ay ang dati pa ring 2 km *transect*
 641 na naitatag sa Brgy. Tambangan at Masalukot, Santa Cruz at Tumagabok, Boac. Muling ipinagbigay alam
 642 ng PASu sa kapulungan na mayroong grupo na nagsasagawa nito katuwang ng DENR na binubuo ng
 643 kinatawan mula sa *academe* (MSC), *Provincial Government* (PGM), MLGU ng Santa Cruz, at sa People's
 644 Organization (Tawang Upland Farmers Association –TUFA) mula sa Barangay ng Tambangan at
 645 Masalukot, Santa Cruz, Marinduque. Ayon din sa kanya, ang ikalawang BMS para sa taong ito ay nagawa
 646 ng Team noong ika-11 at 12 ng Agosto 2022.

647

648 Sa pagpapatuloy ni PASu Recto ay sinabi niyang ang BMS ay isinasagawa sa loob ng dalawang
 649 (2) araw at sa unang gabi ginagawa ang *Focus Group Discussion* (FGD) sa binuong Community
 650 Monitoring Group (CMG) na pawang mga *tenured migrants* sa *protected area*. Maliban sa kanila ay
 651 kasama ring ipinatatawag ang ibang stakeholders at kinukunan ng kanilang mga obserbasyon na siya
 652 namang ibina-*validate* kasabay ng pagsasagawa ng *transect walk/actual count* sa dalawang (2)
 653 kilometrong *BMS site* kung saan inirerekord ang mga obserbasyon at ikinukumpara sa nakaraang resulta
 654 ng BMS. Karaniwang mga uri ng ibon at iba pang mga buhay ilang ang nakikita at naririnig sa panahon
 655 ng *transect walk/count*. Ang lahat ng datos ay pinagsasama-sama at itina-*tabulate* upang makita kung
 656 maayos pa ba ang estado ng protected area. Tinitingnan rin ang paligid kung may mga kaingin na maaaring
 657 makaapekto sa mga pinagkukunan ng tubig na saklaw ng *protected area*. Ang mga nakukuhang datos ay
 658 ginagamit sa paggagawa ng mga plano kung paano pangangalagaan at pagyayayamanin ang MWS.
 659 Sinusubaybayan din sa pagsasagawa ng BMS ang naitatag na Biodiversity Assessment and Monitoring
 660 System (BAMS) na bahagi rin ng pagsasaliksik na ginagawa katuwang ang MSC.

661

662 Isa pa ring *component* ng BMS ang *photodocumentation* kung saan kinukunan ng larawan ang
 663 kabundukan kung saan nakatatag ang *BMS site* upang makita kung mayroong naging pagbabago sa lugar.
 664 Saklaw ng *panoramic view* ang bahagi ng Barangay Nangka, Torrijos; Tambangan at Masalukot, Santa
 665 Cruz, Marinduque.

666
 667 Sinundan ito ng paglalahad ni PASu Recto ng mga nakuhang larawan at *accomplished forms*
 668 (*Form 1-3*) kaugnay ng nasabing programa. Ayon sa kanya, naging maganda naman ang resulta ng
 669 ginawang BMS at kapansin-pansin sa lugar ang patuloy na pagyabong ng kagubatan at karamihan sa datos
 670 na nakuha sa FGD ay tumutugma sa kanilang mga nakita sa *transect walk/count*.

671
 672 Binigyang diin din ni PASu Recto sa kapulungan ang kahalagahan ng isinasagawang BMS tungkol
 673 sa pangangalaga ng MWS kabilang ang ilang banta o *threat* sa kalikasan at isa na rito ang *climate change*.

674
 675 **F. Iba pang paksang pinag-usapan (Other matters)**

676 ***a. “Proposed Small Reservoir Irrigation Project (SRIP) ng National Irrigation Administration***
 677 ***(NIA) sa Barangay Bagtingon, Buenavista”***

678 Binati at pinasalamatan ni Kgg. Johnny C. Francisco ang kapulungan bago dumako sa paglalahad
 679 niya ng tungkol sa detalye ng panukalang Small Reservoir Irrigation Project (SRIP) ng National Irrigation
 680 Administration (NIA) sa Barangay Bagtingon, Buenavista. Ayon sa kanya, bago bigyan ng PAMB
 681 Clearance ang NIA ay napagkasunduan na magsumiti muna sila ng *geohazard map, climate resiliency,*
 682 *right of way* at ang tungkol sa *submerge* area na mga niyugan. Ang update tungkol dito, ang NIA ay hindi
 683 nakapaglahad kung kaya’t nagulat sila na mayroon ng aplikasyon para sa Special Agreement in Protected
 684 Areas (SAPA). Ayon din sa kanya, hindi pinapayagan ng barangay ang proyekto dahil maraming
 685 maapektuhan. Aniya, ang ipinagmamatigas ng NIA ay nabigyan sila ng PAMB Clearance kung kaya’t
 686 hiniling niya sa kapulungan pag-aralan munang maigi iyong area. Ayon pa sa kanya, ang proposed Dam
 687 ay may taas na 27 meters at ang maiimbak na tubig dito ay 133,000 cu.m. Kanya ring sinabi na mataas
 688 ang lugar at mayroon ding pong dalawang fault line sa Balagbag Ranges at ang isa pa, ang Mt. Malindig
 689 ay *potentially active* ayon sa MGB. Ito aniya ang kanilang ikinababahala bilang *Barangay Official* dahil
 690 sila iyong vulnerable dito. Kaya hiniling niya na sana ay ma-assess muna ito ng maayos sapagkat ang
 691 kawawa talaga ay iyong lulubog na area na halos 30 hectares.

692 Si PENR Officer Diaz ay nagbigay din ng maikling background tungkol sa project na inilahad ni
 693 Kgg. Francisco at sinabing ang tinutukoy na proyekto ni Kgg. Francisco ay taong 2014 pa ipinanukala ng
 694 NIA. Ang naging kondisyon nito ay nauna itong naisyuhan ng Environmental Compliance Certificate
 695 (ECC) bago nag-react ang PAMB sapagkat dapat daw maging requirement ng ECC iyong PAMB
 696 Clearance. Winork-out ng NIA ng ilang taon iyong PAMB Clearance. At bago pa sagutin ng Tagapangulo
 697 ang idinulog na concern ni Kgg. Francisco ay naitanong nia kung ano ang latest update tungkol sa
 698 proyekto.

699 Ayon naman kay PASu Recto noong una ay payag ung mga tao sa Barangay *and later* ay hindi na
 700 dahil nga hindi na-comply ng NIA iyong mga requirements na nirerequire ng PAMB noon. Naghire ulit
 701 ang NIA ng bagong consultant pero hanggang sa ngayon ay hindi pa bumabalik upang magreport.

702 Sinabi naman ng Tagapangulo na hindi siguro naipresent sa barangay iyong *Environmetal*
 703 *Geologicagal and Geohazard Assessment Report (EGAR)*. Kung ito ay Dam project, kailangan talagang
 704 mailahad sa Barangay at PAMB iyong resulta ng EGAR at dapat nga ito ay *Geotechnical Study*. Ngayon,
 705 tingnan natin iyong *Environmental Impact Assessment (EIA) documents* na isinumite nila. More on
 706 *structural integrity* ng Dam ang titingnan dito at dapat ay maipresent ito. I-require ang proponent tungkol
 707 sa *Risk Assessment* at nangako siyang tatawagan ng pansin ang NIA sa pamamagitan ng EMB upang
 708 tingnan iyong ginawang pag-aaral nila. Ayon sa kanya, ang EMB ay hindi mag-iisyu ng ganoon kabilis
 709 ng ECC. Ako na mismo ang titingin sa EMB records, we will ask the EMB to do the compliance
 710 monitoring before we bring it to your council.

711 Ayon pa sa Tagapangulo, bago mag-apply ng SAPA ay titingnan muna muli iyong proposal at
 712 detalye ng proyekto para maikonsider iyong concern ng barangay but we are not closing the possibility na
 713 pwedeng isyuan ng SAPA pero depende sa presentation nila na gagawin. Kung may ECC na ito ay
 714 nakonsider naman siguro iyong *structural integrity* at *geohazard assessment*. Nangako din siyang
 715 titingnan ito dahil sa EMB ito. Gayon din, pwede aniyang i-require sila na mag-present sa body.

716 Binigyang-diin naman ni Kgg. Francisco na ang maiging bigyan ng concern ay ang lulubog na
 717 lugar dahil ito ay mga niyugan at nandoon din iyong project ng DENR na Pili at Kape.

718 Sa pagtatapos ng Tagapangulo ay sinabi niyang parang full blown EIS ang gagawin at valid umano
 719 ang concern ni Kgg. Francisco. Nangako din siyang titingnan ang records ng EMB para nakita kung bakit
 720 nabigyan ng ECC ang proyekto, ano iyong compliance nila doon bago niya ikonsider and application nila
 721 para sa SAPA. Ipinagbigay-alam din niyang nanggaling siya sa EMB.

722 ***b. Adoption of Resolusyong Pambarangay na inihain ni Kgg. Reden G. Fidelino, Punong***
 723 ***Barangay, Sibuyao, Torrijos***

724 Sa kanyang pagsisimula ay sinabi ni Kgg. Reden G. Fidelino, Punong Barangay ng Sibuyao,
 725 Torrijos na kung ecotourism ang pag-uusapan ay kailangan ang pagkain na makukuha sa mga Ilog at Sapa.
 726 Dahil dito, taong 2019 pa ay ay nakapag-pasa ng Sangguniang Barangay ng Sibuyao, Torrijos dalawang
 727 ordinansa na pinagtibay naman ng Sangguniang Bayan. Ito ay tungkol sa ***“Kutusang nagbabawal sa***
 728 ***paglalason ng Ilog at Sapa sa nasasakupan ng Barangay Sibuyao, Torrijos”***. Ayon sa kanya, ang
 729 kaniyang mamamayan ay aware na sa nasabing ordinansa subalit ang pinoproblema umano niya ang mga
 730 karatig Barangay niya na hindi nila masaway sapagkat sa Barangay Sibuyao, Torrijos lamang umiiral ang
 731 inihayag niyang ordinansa. Pangalawa rito ay iyong ***“Kautusan sa pagbabawal sa paggawa, pagmamay-***
 732 ***ari, pag-iingat, at paggamit ng mga improvised o likhang baril o armas na nakapipinsala o***
 733 ***nakamamatay sa nasasakupan ng Barangay Sibuyao, Torrijos, Marinduque”***.

734 Pinuri naman ng Tagapangulo si Kgg. Fidelino kasunod ang kahilingan niyang makapag-
 735 reproduce ng sipi ng ordinansa upang ito ay maipamahagi sa mga PAMB members.

736 Kaugnay nito, malugod na naghain ng mosyon si Kgg. Dante M. Marinduque na-iadopt ng PAMB
 737 iyong mga batas na pinairal sa Barangay Sibuyao, Torrijos na sinang-ayunan ng nakararami.

738 ***c. “Resulta ng isinagawang Demarcation of boundaries ng pinangangalagaang-pook o***
 739 ***Marindque Wildlife Sanctuary (MWS)”***

740 Binati at pinasalamatan ni Kgg. Johnny C. Francisco ang kapulungan bago idulog ang kaniyang
 741 katanungan tungkol sa naging resulta na isinagawang *demarcation project* sa MWS. Ito ay tungkol sa area
 742 ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na noong ***August 17, 2004*** ay may sukat lamang na ***8,827.96***
 743 ***ektarya***. Subalit nang ito ay maging *legislated* alinsunod sa Republic Act 11038 o ang *Expanded National*
 744 *Integrated Protected Area System (ENIPAS) Act of 2018* ay lumawak ang saklaw nito sa ***9,758.71*** ektarya
 745 at nadagdagan ng humigit-kumulang 968 ektarya. Nakakatuwa ito ayon kay Kgg. Francisco sapagkat
 746 nadagdagan ang area subalit nakalulungkot din dahil ang nadagdag na area ng MWS ay nakasakop naman
 747 sa mga *titled lots* at iyong *covered* ng (*Certificate of Land Ownership Award CLOA*). Ayon pa sa kanya,
 748 ang mga muhon ay nakatayo na sa mga lupa subalit iyong mga *lot owners* ay hindi *oriented* tungkol sa
 749 *rules and regulation governing* MWS gaya ng pagtatayo ng bahay at pag-aalaga ng hayop. Hiniling din
 750 niyang ito sana ay mabigyan ng karampatang aksyon ng PAMB.

751
 752 Naitanong naman ni RED Lormelyn E. Claudio sa huli kung ang tinutukoy ba niya ay *iyong vested*
 753 *rights* ng mga taong nandoon o namumususyon sa naidagdag na area sa dating area ng MWS. Bilang
 754 tugon, itinanong ni Kgg. Francisco kung ano ba ang magiging karapatan ng mga lehitimong may-ari ng
 755 mga lupang nasakop ng pinangangalagaang-pook o Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) alinsunod
 756 sa pinagtibay na ENIPAS Act of 2018 dahil ang kategorya na ng lupa sa kasaluluyan ay *national park* na.

757 Nilinaw naman ni RED Claudio sa kapulungan na hindi mawawala ang karapatan nila sa lupa at
 758 sa ilalim ng Batas o ang tinatawag na ENIPAS Act ay malinaw ang sinasaad tungkol sa *vested rights*.
 759 Ayon pa sa kanya, ang mga may-ari ay maaari pa ring gumamit na kanilang mga lupain dahil pag-aari nila
 760 ito pero nilinaw niyang dapat ay naayon ito sa Protected Area Management Plan (PAMP) ng *protected*
 761 *area* para sa proteskyon nito. Nilinaw din niya na kung wala naman ito sa *Strict Protection Zone* ay pag-
 762 aari pa rin nila ang lupa basta't nakalinya ang gagawing *development* sa *protection aspect* ng batas. Ito
 763 ang dahilan kung bakit sa kasalukuyan ay nagsasagawa ng *survey* ang DENR sa pamamagitan ng PAMO
 764 upang ipagpatuloy pa din iyong proseso sa pagbibigay ng titulo sapagkat kailangan naman ng katibayan
 765 mayroon silang *vested rights*. Aniya, mayroong *specific provision* sa ENIPAS Act na dapat irespeto ang
 766 *vested right*.

767
 768 Sinabi naman ni Kgg. Francisco na ang nagiging problema nila sa Barangay ay hindi *oriented*
 769 ang mga tao partikular ang mga may-ari ng lupang nasaklawan ng *protected area* doon sa mga umiiral
 770 na batas. Kung naisin umano nilang magtayo ng bahay sa lugar ay magtatayo sila sapagkat titulado sa
 771 kanila ang lupa at mayroong buwisan. Sa pagdaan ng panahon ay magkakaroon sila ng mga anak na
 772 maaari ding doon manirahan. Gayonman, ang nakapaloob sa batas ng *protected area* o MWS na bawal
 773 ang pagtatayo ng mga inprastuktura at pagpastol ng hayop sa lugar. Ito sana aniya nag hinihingan nila ng
 774 linaw sapagkat sila ang naiipit sa Barangay.

775
 776 Nakikita naman ni RED Claudion ang pangngailangan sa pagkakaroon ng social marketing o IEC
 777 at nangako siyang gagawin ito sa pamamagitan ng Protected Area Management Office.

778
 779 Sinabi naman ni Kgg. Francisco sa kapulungan na wala silang maipakitang batas sa mga concern
 780 kung kaya't hindi umano sila pinaniniwalaan. Iminungkahi din niya na dapat mayroong sipi ng guidelines
 781 na makikita o nakapaloob sa ENIPAS Act.

782
 783 Nangako naman si RED Claudio na titingnan nila kung ano iyong mga *available modules* kaugnay
 784 nito upang matugunan ang naging concern ni Kgg. Francisco. Sinabi din niyang sa mga susunod na
 785 pagkakataon ay pwedeng mag-*come-up* sa *standard architectural features* na naka-align sa PAMP ng
 786 MWS. Nangako din siyang pag-aaralan ang tungkol dito

787
 788 Sinusugan naman ni Kgg. Alejandro Napigkit ang tungkol sa idinulog na isyu ni Kgg. Francisco.
 789 Ayon sa kanya, mayroon talaga silang kahilingan na bumaba ang PAMO sa Barangay upang
 790 makapagpaliwanag hinggil sa isyu subalit hanggang sa kasalukuyan ay naghihintay pa rin sila. Mayroon
 791 aniyang magiging problema sa mga may-ari ng lupa kung kaya't kailangan nila ng tulong para
 792 maipaliwanag sa kanilang mga mamamayan ang tungkol sa bagay na ito. Ayon pa sa kanya, ang
 793 Sangguniang Barangay ay limitado ang kaalaman tungkol sa bagay na ito kung kaya't sila ay humihingi
 794 ng tulong sa mga *concern*.

795
 796 Tinawagan naman ng atensyon ni RED Claudio ang PAMO sa pangunguna ni PASu Recto na
 797 gumawa ng action plan para dito. Humingi din siya ng dalawang (2) linggong palugit upang makagawa
 798 ng plano para sa *concerned barangays*.

799
 800 Sa paglilinaw naman ni PASu Recto, sinabi niyang bago nagkaroon ng proyektong *demarcation*
 801 ng *protected area boundaries* ay nagsagawa ng IEC ang PAMO sa mga barangay. Inimbitahan ang lahat
 802 ng may mga lupang inuukupahan sa bahagi ng protected area subalit ang naging problema ay hindi naman
 803 sila tumugon sa naging patawag ng PAMO sa barangay. Gusto pa rin naman aniya nilang tumulong pero
 804 hindi pa lamang naiiskedyul. Nangako din siyang babalikan ang mga nasabing barangay kasunod ang
 805 panawagan niyang maiparating ito sa lahat ng *concern* at *physically* makadalo.

806

807 Sa pagtatapos ng usapin, sinabi ni RED Claudio na kasama ang opisyal ng mayroong mga
 808 concerns. Gayon man, hindi siya nakapag-commit kung mayroong tao na mula sa Regional Office na
 809 makapagpapaliwanag dahil inaasahan niyang matutugunan na ito ni PASu Recto. Muli din niyang inulit
 810 na bigyan and DENR ng dalawang lingo para sa *action plan* na gagawin ng PAMO.

811

812 ***d. "Ipinatanim na mga punong Gmelina ng dating administrasyon at hinihiling na maisyuhan***
 813 ***ng cutting permit"***

814 Ayon kay Kgg. Dante M. Marinduque, ang dating administrasyon ng Barangay Sihi, Buenavista
 815 ay nag-aaply o kumukuha ng Certification sa Barangay upang maipaputol ang mga punong Gmelina
 816 noong una. Naitanong din niya sa kapulungan kung maaari bang putulin ang mga punong ito gayong sa
 817 loob ito ng MWS naitanim.

818 Bilang tugon, sinabi ni PENR Officer Imelda M. Diaz na sa loob ng MWS ay may tinatawag na
 819 *protection and production forest*. Kung ang tintukoy na plantation ay andon sa *protection forest* ay strictly
 820 hindi ito pinapayagang putulin. Kung ito naman ay nasa *production forest* o Multiple-Use Zone (MUZ)
 821 ay titingnan pa rin kung anong tenurial instrument ang hawak ng dating dahil sa loob ng MWS ay
 822 mayroong Community Based Forest Management Agreement (CBFMA). Sa ilalim ng *tenurial instrument*
 823 na ito ay mayroong probisyon doon na pinapayagan ang pagputol o pag-harvest ng mga punong naitanim.
 824 Ito aniya ang dahilan kung kaya nililinaw muna niya kung ano iyong status ng lupa.

825 Si PASu Recto ay nagbigay ng impormasyon tungkol dito ay sinabing ang proyektong ito ay 1990s
 826 pa noong magkaroon ng *National Reforestation Program* ang DENR na kung saan ang mga LGUs ay sila
 827 ang parang contractor sa pagtatanim mayroon silang samahan na tinatawag ding SIBAK Farmers
 828 Association na pinamumunuan ng dating Punong Barangay na si G. Avelino Parangalan. Bagaman at
 829 napalitan na siya ng ilang Kapitan ay gusto pa rin nilang *i-harvest* ang mga punong Gmelina.

830 Sinabi naman ng Tagapangulo na titingnan muna and records nito upang kahit hindi ganoong ay
 831 masagot ang idinulog na isyu ni Kgg. Marinduque. Ayon sa kanya, ang sinasabi ni PENRO Diaz na kung
 832 ano ang purpose noon, halimbawa ito ba ay para sa proteksyon at kung ito ay intended para sa proteksyon
 833 ay hindi ito dapat *i-harvest*. Bagaman at nasa loob siya ng PA, pero nasa Multiple-Use Zone naman ay
 834 pwede pero dadaan pa rin ito sa *clearance and permitting system*. Kung halimbawa talagang sa *protection*
 835 *forest* naitanim yan ay ipinagbigay-alam ng Tagapangulo na mayroong iminumungkahi ngayon bagaman
 836 at *draft* pa lamang na *policy* na iyong mga *old growth trees* na na-reach na nila ung kanilang full potential
 837 to capture CO2 ay baka pwedeng ng bawasan para naman may umusbong na panibago na mag makaka-
 838 *capture* ng carbon na siya naming concern ng bawat isa sa lumalalang isyu ng climate change. Aniya
 839 iyong ibang puno na matanda at may sakit ay ipinanunukalang mabawasan at sinabi ring niyang hintayin
 840 na lamang iyong bagong policy na ito. Ayon pa sa Tagapangulo ang aalamin nila ay iyong status ng lupa
 841 to map it out. Naitanong din niya kung alam ba ni Kgg. Marinduque and lokasyon ng Gmelina plantation.

842 Bilang tugon, sinabi ni Kgg. Marinduque na tukoy ito ng mga Staff ng DENR na pumunta sa lugar
 843 at nag-inspeksyon.

844 Binigyan naman ng instruction ng Tagapangulo ang PAMO para mai-mapa ang lokasyon nito and
 845 bring it to the attention of PENRO para opisyal pong maibigay namin ang response sa inyo.

846 Naitanong din mi Kgg. Marinduque kung may karapatan pa ba ang dating Kapitan para ipaputol
 847 ang mga punong Gmelina na naitanim sa ilalim ng kanyang panunungkulan. Bilang tugon, sinabi ng
 848 Tagapangulo na titingnan nila ang record nito.

849 Ipinagbigay alam din ni Kgg. Marinduque na mayroon pang isang claimant ang nasabing
 850 plantation na mayroon ding ipinapakitang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na pumupunta
 851 din sa barangay upang kumuha ng sertipikasyon.

852 Sinabi naman ng Tagapangulo na may mga lugar talaga sa MIMAROPA na nabigyan ng CLOA
 853 ng DAR pero gayong nasa loob ng timberland. Ang DAR naman ay walang maibigay na *technical*
 854 *description* kung kaya inulit niya kay Kgg. Marinduque na titingnan nila ang status ng lupa at iyong
 855 dokumento. Iminungkahi din niyang ipagbigay-alam sa concern individual na idulog ito sa Tanggapan ng
 856 DENR. Ayon pa sa kanya, act of congress lang po pwede magbago ng kategorya ng lupa.

857 Ayon naman kay PENR Officer Diaz, na kaya humihingi na iyong tao ng Certification ay nag-
 858 aaply na sila ng *cutting permit*. At para sa kaalaman ng lahat, sinabi niyang kahit pa makarating sa kanila
 859 o kahit maisyuhan pa ng barangay ng no objection at nakita nila na hindi siya dapat isyuhan ng cutting
 860 permit ay hindi siya mag-iisu ng cutting permit. In the past, hindi naman siya naninisi pero may mga
 861 naisyuhan aniya talaga ng CLOA na nasa loob ng timberland. At kaya ito naglalabasan sa kasalukuyan ay
 862 dahil sa ang CLOA ay naiideal lamang after 10 yrs. Kaugnay nito, marami umano ang nagtutungo sa
 863 kanilang Tanggapan at humihingi ng *survey authority* at *certification*. Hindi naman siya mag-iisu ng
 864 *certification* kung ito ay nasa timberland. Nilinaw din niyang hindi guaranteed na may hawak na CLOA
 865 ay A & D na ang klasipikasyon ng lupa kasi nga may pagkakamali na-commit noong una.

866 Ipagbigay-alam naman ni Kgg. Marinduque na nakarating sa kanyang kaalaman na barangay
 867 certification na lang umano ang kulang para ma-approve yong cutting permit kung kaya't ang barangay
 868 pa ang parang nasisisi rito. Naitanong din niya kung maaari ba niyang isyuhan ito ng certification dahil
 869 sila umano ang natatanong. Naitanong din niya kung ang dating Kapitan pa rin ba ang may karapatan
 870 kung puputulin ang mga nasabing puno.

871 Binigyang muli ng gawain ng Tagapangulo ang PAMO upang balikan ang records ng proyekto.
 872 Hiniling din niyang mabigyan ito ng aksyon sa loob ng isang lingo.

873 Sa huli, sinabi ni PASu Recto na mayroon ng aplikasyon para sa cutting permit kaugnay ng
 874 idinulog na isyu ni Kgg. Marinduque at nasa Monitoring and Enforcement Section (MES) umano ito.
 875 Nangako din siyang titingnan ang records na nasabing proyekto.

876 e. *Status of the proposed improvement of existing access road going to the Protected Area*
 877 *Management Office (PAMO).*

878 Si Park Maintenance Foreman Roderick S. Villanueva ang nagbigay ng background patungkol sa
 879 *Status of the proposed improvement of existing access road going to the Protected Area Management*
 880 *Office (PAMO).*

881 Nagkaroon muli ng instruction ang Tagapangulo na tingnan at i-check sa records kung mayroong
 882 mga titulo ang mga lupang maaapektuhan. Gayon din, iminungkahi niya ang pagkakaroon ng natatanging
 883 pagpupulong *thru zoom next week* at ito ay pansamantalang itinakda sa September 22, 2022.

884 G. **Pagtatakda ng araw at lugar ng sunod na pagpupulong**

885
 886 Ang ikaapat at huling regular na pagpupulong ng PAMB para sa taong 2022 ay nakatakdang gawin
 887 sa ika-09 ng Disyembre 2022 sa DENR PENRO Conference Hall, Boac, Marinduque alinsunod sa PAMB
 888 Resolusyon Blg. 2022-001.

890 H. **Pagtitindig sa pagpupulong**

891
 892 Sapagkat wala ng iba pang usapin na tatalakayin, naghain ng mosyon si Kgg. Lorna M. Jimena
 893 upang pagtibayin ang pagtitindig sa pagpupulong sa ganap na ika-3:00 ng hapon na pinangalawahan ni
 894 Kgg. Jessie R. Peralta at sinang-ayunan ng lahat.

895
 896
 897

898
899
900
901
902
903
904
905
906
907
908
909
910
911
912
913
914
915

Inihanda ni:


EMETERIO M. RECTO
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB 

Pinagtibay:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-M\WS

**KATITIKAN NG IKATLONG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EN BANC NG MARINDUQUE
WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA-14 NG SETYEMBRE,
2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON,
BOAC, MARINDUQUE**

<u>PANGALAN</u>	<u>POSISYON/AHENSYA/BARANGAY</u>
MGA DUMALO:	
1. RED Lormelyn E. Claudio	RED/Chairperson, MWS-PAMB (<i>Presiding Officer</i>)
2. G. Ian Mangana	DOM, House of the Representatives (<i>Representative of Congressman Lord Allan Jay Q. Velasco</i>)
3. PA Vincent Michael Q. Velasco	Marinduque Provincial Administrator (<i>Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco</i>)
4. Kgg. Enrique P. Landig	Punong Barangay, Balagasan, Boac
5. Kgg. Crisostomo N. Monterey	Punong Barangay, Boi, Boac
6. Kgg. Alex N. Montiano	Punong Barangay, Canat, Boac
7. Kgg. Reynaldo P. Lingon	Punong Barangay, Hinapulan, Boac
8. Kgg. Benjamin M. Larga	Punong Barangay, Tugos, Boac
9. Kgg. Lorna M. Jimena	Punong Barangay, Tumagabok, Boac
10. Kgg. Restituto L. Pabalat	Punong Barangay, Malbog, Buenavista
11. Kgg. Dante M. Marinduque	Punong Barangay, Sihi, Buenavista
12. Kgg. Delfin R. Fellizar	Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz
13. Kgg. Teodoro R. Ramos	Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz
14. Kgg. Sabino R. Rojo	Punong Barangay, Malibago, Torrijos
15. Kgg. Jessie R. Peralta	Punong Barangay, Nangka, Torrijos
16. Kgg. Reden G. Fidelino	Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos
17. Kgg. Lito M. Montiano	Barangay Kagawad, Binunga, Boac (<i>Rep.</i>)
18. Kgg. Matias Felipe	Barangay Kagawad, Duyay, Boac (<i>Rep.</i>)
19. Kgg. Johnny C. Francisco	Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista (<i>Rep.</i>)
20. Kgg. Alejandro Napigkit	Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan (<i>Rep.</i>)
21. Kgg. Edsel M. Basco	Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan (<i>Rep.</i>)
22. Kgg. Milton J. Magaling	Barangay Kagawad, Tiguion, Gasan (<i>Rep.</i>)
23. G. Rolando P. Saet	MENRO, LGU Torrijos (<i>Rep. of Mayor Velasco</i>)
24. G. Jeffre Jandusay	Representative of Provincial Tourism Office
25. G. Adrian S. Mausig	Associate DEAN, MSC (Academe)

MGA HINDI DUMALO:

1. Kgg. Armi DC. Carrion	Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque
2. Kgg. Rolando O. Tolentino	Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque
3. Kgg. Eduard L. Siena	Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque
4. Kgg. Marisa R. Red	Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque
5. Kgg. Gerry M. Malubag	Punong Barangay, Bayuti, Boac
6. Kgg. Alejandro P. Opis	Punong Barangay, Tambunan, Boac
7. Kgg. Aristeo R. Rodil	Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz
8. Kgg. Bernardo P. Pastoral	Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz
9. PD Bernardo T. Caringal	Prov'l Science & Technology Director, DOST
10. PCOL Christopher D. Melchor	Provincial Director, Marinduque PPO
11. G. Elizabeth E. Manggol	Secretariat Head, MACEC (NGO)
12. G. Rolinio S. Sajul	Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO)

RESOLUSYON BILANG 2022-006

RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) UPANG IPAGBAWAL ANG PAGDADALA AT PAGGAMIT NG MGA SINGLE USE PLASTIC SA LOOB NG MWS

SAPAGKAT, ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992 na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

SAPAGKAT, ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

SAPAGKAT, ang lahat ng programang isasagawa sa looban ng nasabing pinangangalagaang pook (Protected Area) maging ito man ay pagsasaliksik (research) o pagpapaunlad (development) gaya ng pagtatanim ng mga puno ay dapat mayroong kaukulang pagsisiyasat bago bigyan ng kaukulang pagsang-ayon (clearance) ng Kapulungan (PAMB) para masiguro ang angkop at maayos na pangangalaga dito;

SAPAGKAT, ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay patuloy at kasalukuyang nagpapatupad ng programang pang-turismo gaya ng *hiking, trekking, camping, swimming, bird watching* at iba pa kung saan naniningil ng mga bayarin kaugnay nito;

SAPAGKAT, nagkaroon ng mungkahi ang Regional Executive Director (RED) ng DENR MIMAROPA Region at Chairperson ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) – Protected Area Management Board (PAMB) na mahigpit na ipatutupad ang pagbabawal sa loob ng protected area na gumamit ng kahit anong uri ng single-use plastic alinsunod pa rin sa RA 9003 o Ecological Solid Waste Management Act upang makaiwas sa posibleng epekto sa kapaligiran at mga buhay ilang at kalusugan ng mga tao dulot ng paggamit nito;

SAPAGKAT, kabilang sa mga ipagbabawal ang paggamit ng *plastic cups, drinking straw, coffee stirrers, spoon, forks, knives, labo or thin translucent plastic bags, thin-filmed sando bags na hindi bababa sa 15 microns, polystyrene foam o Styrofoam cups/food containers*. Hinihikayat naman ng Protected Area Management Office (PAMO) ang pagdadala ng mga personal reusable tumbler o container.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kgg. Lorna M. Jimena na pagtibayin ito sa pamamagitan ng resolusyon na pinangalawahan ni Kgg. Jessie R. Peralta.

Pinagtibay ngayong ika-14 ng Setyembre, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:


EMETERIO M. RECTO
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB 

Pinagtibay:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS

KATITIKAN NG IKATLONG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG
 PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) EN BANC NG MARINDUQUE
 WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA-14 NG SETYEMBRE,
 2022 SAPENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON,
 BOAC, MARINDUQUE

<u>PANGALAN</u>	<u>POSISYON/AHENSYA/BARANGAY</u>
MGA DUMALO:	
1. RED Lormelyn E. Claudio	RED/Chairperson, MWS-PAMB (<i>Presiding Officer</i>)
2. G. Ian Mangana	DOM, House of the Representatives (<i>Representative of Congressman Lord Allan Jay Q. Velasco</i>)
3. PA Vincent Michael Q. Velasco	Marinduque Provincial Administrator (<i>Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco</i>)
4. Kgg. Enrique P. Landig	Punong Barangay, Balagasan, Boac
5. Kgg. Crisostomo N. Monterey	Punong Barangay, Boi, Boac
6. Kgg. Alex N. Montiano	Punong Barangay, Canat, Boac
7. Kgg. Reynaldo P. Lingon	Punong Barangay, Hinapulán, Boac
8. Kgg. Benjamin M. Larga	Punong Barangay, Tugos, Boac
9. Kgg. Lorna M. Jimena	Punong Barangay, Tumagabok, Boac
10. Kgg. Restituto L. Pabalat	Punong Barangay, Malbog, Buenavista
11. Kgg. Dante M. Marinduque	Punong Barangay, Sihi, Buenavista
12. Kgg. Delfin R. Fellizar	Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz
13. Kgg. Teodoro R. Ramos	Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz
14. Kgg. Sabino R. Rojo	Punong Barangay, Malibago, Torrijos
15. Kgg. Jessie R. Peralta	Punong Barangay, Nangka, Torrijos
16. Kgg. Reden G. Fidelino	Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos
17. Kgg. Lito M. Montiano	Barangay Kagawad, Binunga, Boac (<i>Rep.</i>)
18. Kgg. Matias Felipe	Barangay Kagawad, Duyay, Boac (<i>Rep.</i>)
19. Kgg. Johnny C. Francisco	Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista (<i>Rep.</i>)
20. Kgg. Alejandro Napigkit	Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan (<i>Rep.</i>)
21. Kgg. Edsel M. Basco	Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan (<i>Rep.</i>)
22. Kgg. Milton J. Magaling	Barangay Kagawad, Tiguión, Gasan (<i>Rep.</i>)
23. G. Rolando P. Saet	MENRO, LGU Torrijos (<i>Rep. of Mayor Velasco</i>)
24. G. Jeffrey Jandusay	Representative of Provincial Tourism Office
25. G. Adrian S. Mausig	Associate DEAN, Marinduque State College (<i>Academe</i>)

MGA HINDI DUMALO:

1. Kgg. Armi DC. Carrion	Punong Bayan, Mun. of Boac, Marinduque
2. Kgg. Rolando O. Tolentino	Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque
3. Kgg. Eduard L. Siena	Punong Bayan, Mun. of Buenavista, Marinduque
4. Kgg. Marisa R. Red	Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque
5. Kgg. Gerry M. Malubag	Punong Barangay, Bayuti, Boac
6. Kgg. Alejandro P. Opis	Punong Barangay, Tambunan, Boac
7. Kgg. Aristeo R. Rodil	Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz
8. Kgg. Bernardo P. Pastoral	Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz

9.	PD Bernardo T. Caringal	Prov'l Science & Technology Director, DOST
10.	PCOL Christopher D. Melchor	Provincial Director, Marinduque PPO
11.	G. Elizabeth E. Manggol	Secretariat Head, MACEC (NGO)
12.	G. Rolinio S. Sajul	Chairman, Malbog Upland Farmers Assoc. (PO)

RESOLUSYON BILANG 2022-007

RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASYAHAN NG KAPULUNGAN (PAMB) SA PAGBIBIGAY NG PAHINTULOT (CLEARANCE) NA I-ADOPT NG KAPULUNGAN O PAMB ANG RESOLUSYON PAMBARANGAY NA INIHAIN NI KGG. REDEN G. FIDELINO, PUNONG BARANGAY, SIBUYAO, TORRIJOS

SAPAGKAT, ang pangunahing layunin ng *Kapulungan (PAMB)* ay mapangalagaan ang samu't saring buhay ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

SAPAGKAT, ang lahat ng programang isasagawa sa looban ng nasabing Pinangangalagaang Pook (*Protected Area*) maging ito man ay pagsasaliksik (*research*) o pagpapaunlad (*development*) gaya ng pagtatanim ng mga puno ay dapat mayroong kaukulang pagsisiyasat bago bigyan ng kaukulang pagsang-ayon (*clearance*) ng *Kapulungan (PAMB)* para masiguro ang angkop at maayos na pangangalaga dito;

SAPAGKAT, nagkaroon ng paglalahad ng kautusan ipinatutupad sa barangay ang kinatawan ng Barangay Sibuyao, Torrijos ang tungkol sa “Kautusang nagbabawal sa paglalason ng Ilog at Sapa sa nasasakupan ng Barangay Sibuyao, Torrijos” at ang “Kautusan sa pagbabawal sa paggawa, pagmamay-ari, pag-iingat, at paggamit ng mga improvised o likhang baril o armas na nakapipinsala o nakamamatay ng mga buhay-ilang sa nasasakupan ng Barangay Sibuyao, Torrijos, Marinduque”.


SAPAGKAT, matapos ang pagtatalakay sa nasabing mga kautusan ay napag-alaman ng *Kapulungan (PAMB)* na hindi naman ito magdudulot ng negatibong epekto bagkos ito ay makakatulong sa pangmatagalang pangangalaga, pagpapaunlad sa *Pinangangalagaang Pook* at pang-ekonomiyang kapakinabangan ng mga komunidad;

DAHIL DITO, napagpasyahang i-adopt din ng mga Punong Barangay na saklaw ng protected area o Marinduque Wildlife Sanctuary ang nasabing mga kautusan upang patuloy pang mapangalagaan ang kapaligiran at likas-yaman.

PINAGTIBAY, sa mungkahi ni Kgg. Dante M. Marinduque at sinang-ayunan ng kapulungan o PAMB.

Pinagtibay ngayong ika-14 ng Setyembre, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:


EMETERIO M. RECTO
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB 

Pinagtibay:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS